*Makiling Review* vol. 3 no. 1 (2023): 112-121

POETRY

# Hunyo Treinta Dalawampu't Dalawa: Pitong *Taludgod* sa Panahon ng Sumpa

MJ Rafal
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas
mjnrafal@pup.edu.ph





ISA LANG ANG PANGALAN
SA AKING PANAHON
HIMAGSIK


ENTRADA
ASINTADA
SAGUPA
ALAGWA
SIGWA
MGA TULA
SA ATONG DILA


ANG NALALABI RITO
SA AMIN, SA DAGAT-DAGATANG APOY
IMPYERNO
SANAYAN LANG ANG PAGPATAY
ISANG PAGDIRIWANG
KUNG ALAM N'YO LANG


MAY NAGSABI SA AKIN
Pauwi
KUNG ANG SIYUDAD AY PAG-IBIG


ANG SUBERSIBO
ANG TULISAN
TINIG NG DARATING
PAGSIPING SA LUPAIN
PAGBUO NG MGA PANGARAP
Kung Nanaisin


KUNG TUYO NA ANG LUHA MO
GUMISING KA, AKING BAYAN
ALAY SA PAGLIKHA NG BUKANG-LIWAYWAY
MAKIBAKA PARA SA PAMBANSANG DEMOKRASYA

## Tungkol sa *Taludgod*

Isa lamang sa mga halimbawa ng tinatawag na found poetry, mga tula na nalikha o nabuo gamit ang iba pang mga batis o source, ang 'book spine poetry'. Sa kaso ng book spine poetry, ang makata (tagasalansan?) ay bubuo ng kanyang paksa, ideya, talinghaga, at persona—o ng kabuuang bago-lumang pagproseso at pag-e-elemento sa paglikha ng tula—sa pamamagitan ng mga salita (titulo ng aklat) na matatagpuan sa gulugod ng mga aklat. Sa ganitong bisa, hindi na lang ang makata mismo ang pinagmumulan ng tula. Sumasalalay na ang makata sa kung ano ang inihahain ng mga salitang matatagpuan sa mga 'spine' na magsisilbing taludtod ng mga mabubuong tula. Nagiging tagapamagitan na lamang ang makata sa umiiral nang 'datíng' ng mga pamagat o titulo ng aklat (kasama na, tiyak, ang enerhiya-harayang orihinal na nagmumula sa may-akda/manlilikha) at sa kung ano ang magiging giya at kalalabasan ng tula na wari bang ang makata ay isa na ring arkitekto, o isang simpleng mason kaya.

Sa pagninilay, maaaring i-interogate ang makata na may ganitong mga pakana—dahil waring wala na ang makata at tula (sa esensiyal na pagkarahuyo rito ng mga esensiyalista) at tanging 'arranger' at 'arrangement' na lamang ang mayroon. Maaaring oo, maaaring hindi. Pero kung naniniwala tayo na maaaring matagpuan ang mga tula sa kahit ano at saan, isang halimbawa ang book spine poetry sa ganitong 'omnipresence' ng tula.

Sa kaso ng koleksyong ito, tinatawag at tinutumbasan ko ngayon ang mga ito bilang *taludgod*, portmanteau ng mga salitang taludtod at gulugod. Bahagi ang mga ito ng mga aklat sa aking munting aklatan at salansan. May kahirapan din sa pagbubuo ng isang larawang diwa at talinghaga sa prosesong ito ng *pananaludgod* ngunit kaiga-igaya pa rin ang karanasan.

Ang pamagat ng koleksyon at mga tula ay kumakatawan sa ligalig at mga pag-aasam sa dumating at paparating na mga panahon at pagkakataong itinatakda at itatakda ng bagong pangulong Bongbong Marcos, anak ng dating diktador na Ferdinand Marcos, Sr., at ng pamamahalang ibinabandila nito. Lalo at binubusalan hindi na lamang ang bibig at panulat kundi maging ang aktuwal na aklat (binabansot ang pananaliksik, ginigipit ang haraya, pinipipi ang makabayan at makamasang edukasyon) marahil, makapaglalahad ang mga aklat, makapagkukuwento, may sasabihin.

Sa panahong hinahambalos ang gulugod ng lipunang Filipino—binubulag, pinipipi, pinipilay—hayaang magsalita ang mga aklat, hayaang tumindig ang mga *taludgod*.

## BIONOTE

Nagtapos si **MJ Rafal** ng AB History at MA Filipino sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas kung saan din siya nagtuturo ng mga asignaturang Filipino, Panitikan at Malikhaing Pagsulat. Siya rin ang kasalukuyang punong patnugot ng *Entrada*, ang pampanitikang dyornal ng Sentro para sa Malikhaing Pagsulat ng PUP. Nanunungkulan siya ngayon bilang NCR Representative para sa National Committee on Literary Arts (NCLA) ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) para sa taong 2023 hanggang 2025. Nailathala na sa iba't ibang mga antolohiya at publikasyon ang kanyang mga tula, kuwento, sanaysay, pananaliksik, at mga salin; nagawaran na rin ang mga ito ng mga pagkilala mula sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), Maningning Miclat Art Foundation, Inc. (MMAFI), Sentro ng Wikang Filipino – Unibersidad ng Pilipinas (SWF-UP) at Propesyunal na Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS). Binubuno niya ngayon ang programang PhD Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.